DEPARTMENT OF EDUCATION
Schools Division of Biñan City
RECORDS SECTION
RECEIVED
04 AUG 2022

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON IV-A CALABARZON
PANLUNGSOD NA SANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNSOD NG BIÑAN

04 Aug 2022

**MEMORANDUM PANDIBISYON**
Blg. 254, s. 2022

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2022**

Sa mga : OIC – Kawaksing Tagapamanihalang Pansangay
Hepe, Sangay ng Pamumuno at Operasyon ng Paaralan
Hepe, Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum
Pinuno ng mga Paaralang Elementarya at Sekundarya

1. Kaugnay ng Memorandum Rehiyunal hinggil sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa, tuwing ika 1-31 ng Agosto na inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A, sa pamamagitan ng Sangay ng Pamamahala ng Kurikulum at Pagkatuto, ang ating sangay ay sumusuporta alinsunod sa itinakdang Pampangaluhang Proklamasyon Bilang 1041 s. 1997. Ito ay pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Para sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa ipinatutupad ang KWF Kapasiyahan ng Kalupunan BLG. 8-6 Serye 2022 nanagtatakda ng temang **"FILIPINO AT MGA KATUTUBONG WIKA: KASANGKAPAN SA PAGLIKHA AT PAGTUKLAS",** na naglalayon na ilaan ang Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Layunin ng Buwan ng Wika 2022 ang mga sumusunod:
   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
   b. maiangat ang kamalayan ng mga mamamayang Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nito;
   c. mahikayat ang iba't-ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tulad nito sa nagpapataas ng kamalayang pang-wika at sibiko;
   d. maganyak ang mga mamamayang Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng BUwan ng Wikang Pambansa; at
   e. maipakilala sa mga mamamayang Pilipino ang KWF bilang ahensiya ng pamahalaan na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

4. Hinati sa limang (5) lingguhang tema ang isang buwang pagdiriwang

| Petsa | Tema |
|---|---|
| Unang Linggo<br>1-7 Agosto 2022 | Ang mga Wikang Katutubo sa Paglinang ng Kulturang Pangkalikasan |

| | |
|---|---|
| Ika-2 Linggo<br>8-14 Agosto 2022 | Wika ng Tahanan, Komunidad, at Paaralan: Kaugalian at Motibasyon sa Pagpapataas ng Kalidad ng Edukasyon |
| Ika-3 Linggo<br>15-21 Agosto 2022 | Wikang Filipino: Daluyan ng Karunungan at Kakayahan |
| Ika-4 ng Linggo<br>22-28 Agosto 2022 | Multidisiplinaryo at Interdisiplinaryong Lapit sa Pagbubuo at Pagpapatibay ng Nasyonalismong Kultural |
| Ika-5 Linggo<br>29-31 Agosto 2022 | Paunang Sipat sa Dokumentaryong Dihital sa Preserbasyo |

5. Pormal ring inilulunsad ng Kagawaran ng Edukasyon sa pangunguna ng Kawanihan ng Linangan ng Pagkatuto-Sangay ng Pagtuturo at Pagkatuto ang programang **FILIPINO E-TAGUYOD:** Pambansang Programa para sa Filipino sa Edukasyon. Isa itong maka-Pilipino at maka-Filipinong programa na magpapalakas at magtataguyod sa Filipino sa Edukasyon. Lakip nito ang kabuoang Memorandum mula sa Kagawaran ng Edukasyon.

6. Sa hangarin makiisa sa nasabing pagdiriwang, inaanyayahan ang lahat ng Kawani ng Tanggapan ng Panglunsod na Sangay ng mga Paaralan ng Lungsod ng Biñan, sa pangunguna ng Tagapamanihalang Pansangay, Kawaksing Tagapamanihalang Pansangay, mga Punong-guro, Ulong-guro, Dalubguro at guro na makibahagi sa birtuwal na palatuntunan na mapapanood sa Facebook live. Ito ay gaganapin sa ika-31 ng Agosto, 2022 2:00 ng hapon.

7. Iminumungkahi rin na isama sa Pandibisyon paligsahan ang Madulang Pagkukuwento, Sulat-Bigkas ng tula, Dagliang Talumpati at Interpretatibong Pagbasa, bilang paghahanda sa Panrehiyong Tagisan ng Talento sa Filipino. (Tignan ang nakalakip na karagdagang detalye).

8. At kaugnay sa nabanggit na mga kaganapang patimpalak ay magsasagawa ng isang birtuwal na pagpupulong ang sangay sa darating na ika-9 ng Agosto 2022 sa ganap na ika-2 ng hapon. Ang link ay ibibigay sa GC ng mga Tagapag-ugnay sa Filipino.

9. Hinihikayat ang mga koordineytor sa Filipino ng bawat paaralan ay lumahok sa pulong sa lalo pang paglilinaw ng mga kaganapan

10. Para sa iba pang detalye at impormasyon, maaring makipag-ugnayan sa Sangay sa Pamamahala ng Kurikulum at Pagkatuto o kay Raquel L. Azur, Tagamasid Pansangay sa Filipino, sa telepono blg. 511-8746.

**EDNA FAURA-AGUSTIN**
Tagapamanihalang Pansangay

Kalakip: Gaya ng sinasaad
Sanggunian: DepEd-4A 02-RM-22-483

CID/PROPER / RLA / / DM-Pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2022
/ 08/04/2022

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECORDS SECTION REGIONAL OFFICE NO. IV-A
RELEASED
16676
By: Date:

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON IV-A CALABARZON

DEPED-4A-02-RM-22-483

25 Hulyo 2022

**Memorandum Rehiyunal**

# PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2022

Sa **Mga Pansangay na Tagapamahala ng mga Paaralan**

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon IV-A, sa pamamagitan ng Sangay sa Pamamahala ng Kurikulum at Pagkatuto, ay nakikiisa sa taunang pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa** tuwing ika 1-31 ng Agosto**,** alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Bilang. 1041 s. 1997. Ito ay pangungunahan ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

2. Pára sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa ipinatutupad ang KWF Kapasiyahan ng Kalupunan BLG. 8-6 Serye 2022 na nagtatakda ng temang **"FILIPINO AT MGA KATUTUBONG WIKA: KASANGKAPAN SA PAGLIKHA AT PAGTUKLAS",** na naglalayon na ilaan ang Agosto bílang lunsaran ng mga pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at mga wika.

3. Layunin ng Buwan ng Wika 2022 ang sumusunod:
   a. Ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
   b. Maiangat ang kamalayan ng mga mámamayáng Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nitó;
   c. Mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampámahalaán at pampribado na makiisá sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. Maganyak ang mga mámamayáng Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   e. Maipakilala sa mga mámamayáng Pilipino ang KWF bílang ahensiya ng pámahalaán na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nitó.

4. Hinati sa limang (5) lingguhang tema ang isang buwang pagdiriwang:

| Petsa | Tema |
|---|---|
| Unang Linggo<br>1–7 Agosto 2022 | Ang mga Wikang Katutubo sa Paglinang ng Kulturang Pangkalikasan |
| Ika-2 Linggo<br>8–14 Agosto 2022 | Wika ng Tahanan, Komunidad, at Paaralan: Kaugalian at Motibasyon sa Pagpapataas ng Kalidad ng Edukasyon |
| Ika-3 Linggo<br>15–21 Agosto 2022 | Wikang Filipino: Daluyan ng Karunungan at Kakayahan |

**Address:** Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal
**Telephone Nos.:** 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487
**Email Address:** region4a@deped.gov.ph
**Website:** depedcalabarzon.ph

| | |
|---|---|
| Ika-4 na Linggo<br>22–28 Agosto 2022 | Multidisiplinaryo at Interdisiplinaryong Lapit sa Pagbubuo at Pagpapatibay ng Nasyonalismong Kultural |
| Ika-5 Linggo<br>29–31 Agosto 2022 | Paunang Sipat sa Dokumentasyong Dihital sa Preserbasyon ng mga Pamanang Kultural |

5. Pormal ring inilulunsad ng Kagawaran ng Edukasyon sa pangunguna ng Kawanihan ng Linangan ng Pagkatuto- Sangay ng Pagtuturo at Pagkatuto ang programang **FILIPINO E-TAGUYOD:** Pambansang Programa para sa Filipino sa Edukasyon. Isa itong maka-Pilipinong at maka-Filipinong programa na magpapalakas at magtataguyod sa Filipino sa Edukasyon. Lakip nito ang kabuuang memorandum mula sa Kagawaran ng Edukasyon.

6. Sa hangaring makiisa sa nasabing pagdiriwang, inaanyayahan ang lahat ng Kawani ng Tanggapan ng Rehiyon CALABARAZON, mga Tagapamanihalang Pansangay, mga Kawaksing Tagapamanihalang Pansangay, mga Hepe ng CID at SGOD, mga Tagamasid Pansangay, mga punong-guro, ulong-guro, dalubguro at guro, na makibahagi sa birtuwal na palatuntunan na mapapanood sa *Facebook live*. Ito ay gaganapin sa **ika-31 ng Agosto, 2022, 2:00 n.h.**

7. Hinihikayat ang pangangalap ng mga mensahe o kaalamang nais ibahagi ng mga Tagamasid Pansangay sa Filipino kaugnay sa lingguhang tema ng pagdiriwang na ipapaskil sa *FB page* ng CLMD. Iminumungkahi rin na isama sa pandibisyong paligsahan ang madulang pagkukuwento, sulat-bigkas ng tula, dagliang talumpati at interpretatibong pagbasa, bilang paghahanda sa panrehiyong tagisan ng talento sa Filipino. Tignan ang nakalakip na karagdagang detalye.

8. Upang maisakatuparan ang layuning ito, inaasahan ang bawat sangay na magkaroon ng isang buwang gawain na naaayon sa preperensya ng nasasakupan. Sa pamamagitan nito, maipakikita at mapahahalagahan ang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa sa gitna ng nararanasang pandemya. Inaasahan din ang pagsusumite ng isang naratibong ulat sa nagawang pagdiriwang sa **Setyembre 9, 2022.**

9. Pára sa iba pang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnayan sa Sangay sa Pamamahala ng Kurikulum at Pagkatuto o kay **Dianne Catherine T. Antonio**, Panrehiyong Tagamasid sa Filipino, sa telepono blg. (02) 8681-7249 local 420.

10. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**FRANCIS CESAR B. BRINGAS**
Direktor ng Rehiyon

cc: *clmd/ dcta*

*Lakip 1*

# PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2022

**(Batay sa 2022 Pambansang Tagisan ng Talento sa Filipino)**

Mga kategorya, bilang ng kalahok, bilang ng tagapagsanay, at oras na inilaan sa bawat kategorya ay ang mga sumusunod:

| Kategorya | Oras na Inilaan | Bilang ng Kalahok | Bilang ng Tagapagsanay | Kabuuang Bilang |
|---|---|---|---|---|
| 1. Madulang Pagkukuwento | 15 minuto kasama ang paghahanda | 1 | 1 | 2 |
| 2. Sulat Bigkas ng Tula (Sulkas Tula) | Isang (1) oras para sa pagsusulat, 15 minutong paghahanda at limang (5) minuto na pagtatanghal | 1 | 1 | 2 |
| 3. Dagliang Talumpati | Anim (6) na minuto kasama ang paghahanda at pagtatalumpati | 1 | 1 | 2 |
| 4. Interpretatibong Pagbasa | 20 minuto kasama ang paghahanda at pagtatanghal | 1 | 1 | 2 |
| **Kabuuang Bilang ng Delegado sa bawat Rehiyon** | | | | **8** |

**Paalala:**

1. Mahigpit na ipinagbabawal sa mga kalahok ang pagdadala ng anumang **electronic gadget** sa **holding area** at sa buong panahon ng pagtatanghal.
2. Hindi pinahihintulutan ang mga tagapagsanay na pumasok/lumapit sa **holding area.**
3. Iwasan ang pagbanggit ng pagkakakilanlan ng mga kalahok.
4. Anumang paglabag sa mga panuntunan at paalala ay magiging sanhi ng diskuwalipikasyon.
5. Ang lahat ng kalahok ay ang nanguna sa Paligsahang Rehiyonal o napiling kinatawan ng Rehiyon.

# PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2022

(Batay sa 2022 Pambansang Tagisan ng Talento sa Filipino)

| | | |
|---|---|---|
| **BAITANG NG MAG-AARAL** | Ang kalahok ay mula sa Baitang 3. | |
| **KATEGORYA** | **MADULANG PAGKUKUWENTO** | |
| **BILANG NG KALAHOK** | Isa (1) | |
| **ORAS NA INILAAN** | (15) minuto kasama ang paghahanda | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **Interpretasyon** | 40% |
| | Pagpapalutang ng diwa (20%) | |
| | Pagbibigay-diin sa damdamin (20%) | |
| | **Hikayat** | 20% |
| | Dating sa madla (5%) | |
| | Pagbibigay-buhay sa tauhan (5%) | |
| | Tindig (5%) | |
| | Kilos Pantanghalan(5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Tatas at Linaw (10%) | |
| | Pagbubukod-bukod ng mga salita (5%) | |
| | Wastong bigkas ng mga salita (5%) | |
| | **Tinig** | 10% |
| | Lakas (5%) | |
| | Taginting (5%) | |
| | **Kaangkupan ng diwa at damdamin** | 10% |
| | **Kabuoan** | **100%** |

**Patnubay sa Kalahok (Face to Face)**

a) Isang kuwento ang bibigyan ng interpretasyon batay sa ibibigay ng mga hurado/tagapag-organisa sa takdang araw ng paligsahan;
b) Iikot ang interpretasyon sa kuwento lamang;
c) Ang kalahok ay wala nang piyesang hawak habang nagtatanghal;
d) Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan ng susunod na kalahok ang kuwentong bibigyan ng interpretasyon na tatagal ng 10 minuto. Susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok;
e) Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang kuwento;
f) Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa limang (5) minuto;
g) Walang anumang **props** o kagamitan, musika at instrumento na dadalhin at gagamitin; at
h) Ang kasuotan ay **pantalong maong at puting t-shirt na walang anumang marka.**

**I. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Pagtatanghal**

a) Kuwentong gagamitin isa (1) **hard copy o soft copy**.
b) Orasan, flaglets, numero ng mga kalahok; at
c) c.1 Dalawang (2) silid na **holding area** para sa 17 katao;
c.2 Isang (1) silid para sa pagsasanay; at
c.3 Isang (1) silid Tanghalan.

# PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2022

(Batay sa 2022 Pambansang Tagisan ng Talento sa Filipino)

| | | |
|---|---|---|
| **BAITANG NG MAG-AARAL** | Ang kalahok ay mula sa Baitang 6. | |
| **KATEGORYA** | SULAT- BIGKAS NG TULA **(SULKAS TULA)** | |
| **BILANG NG KALAHOK** | Isa (1) | |
| **ORAS NA INILAAN** | Isang (1) oras para sa pagsusulat, 15 minutong paghahanda at limang (5) minuto na pagtatanghal (80 minutong kabuoan) | |
| **BATAYAN NG KAPASYAHAN** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **PAGSULAT** | **60%** |
| | **A. Nilalaman** | |
| | Kaugnayan sa paksa (20%) | |
| | Organisasyon ng diwa (20%) | |
| | **B. Mekaniks (20%)** *(Apat (4) na saknong na binubuo ng apat (4) na taludtod na may tugma)* | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **PAGBASA** | **40%** |
| | **A. Hikayat** | |
| | Dating sa Madla (5%) | |
| | Kilos/galaw/kumpas (5%) | |
| | Ekspresyon ng mukha (10%) | |
| | **B. Tinig at Bigkas** | |
| | Lakas/ Diin/ Taginting (5%) | |
| | Tatas at Linaw (10%) | |
| | Wastong pagbubukod ng salita (5%) | |
| | **Kabuoan** | **100%** |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Ang tulang isusulat ay naaayon sa tema na ibibigay ng hurado/tagapag-organisa sa araw ng patimpalak; apat na saknong na binubuo ng apat na taludtod na may tugma;
b) Ang opisyal na gagamiting papel ay magmumula sa tagapag-organisa;
c) Ang mga kalahok ay bibigyan ng isang (1) oras na pagsusulat at 15 minutong pag-eensayo;
d) Ang lahat ng papel ay lilikumin ng tagapagdaloy at sisimulan na ang pagtatanghal;
e) Ang lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal;
f) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng limang minuto sa pagbigkas ng tula kasama ang pagpasok at paglabas mula sa entablado gamit ang tulang sinulat na ibibigay muli ng tagapagdaloy; at
g) Ang kasuotan ay **pantalong maong at puting t-shirt na walang anumang marka.**

**II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Pagtatanghal**

a) Paksang gagamitin;
b) Papel, bolpen, lapis, at pambura;
c) Orasan, numero ng mga kalahok;
d) d.1 Isang (1)silid na **holding area** para sa 17 katao; at
d.2 Isang (1) silid Tanghalan.

## PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2022
(Batay sa 2022 Pambansang Tagisan ng Talento sa Filipino)

| | | |
|---|---|---|
| **BAITANG NG MAG-AARAL** | Ang kalahok ay mula sa Baitang 12. | |
| **KATEGORYA** | DAGLIANG TALUMPATI | |
| **BILANG NG KALAHOK** | Isa (1) | |
| **ORAS NA INILAAN** | Anim (6) na minuto kasama ang paghahanda at pagtatalumpati | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **Nilalaman** | 40% |
| | Kaugnayan sa paksa (20%) | |
| | Organisasyon ng diwa (20%) | |
| | | |
| | **Hikayat** | 20% |
| | Kilos, galaw, at kumpas (5%) | |
| | Dating sa Madla (5%) | |
| | Kakanyahang pantanghalan (5%) | |
| | Ekspresyon ng mukha (5%) | |
| | **Tinig** | 20% |
| | Kaangkupan ng damdamin (10%) | |
| | Taginting (5%) | |
| | Lakas (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Tatas at Linaw (10%) | |
| | Wastong pagbubukod ng mga salita (10%) | |
| | | |
| | **Kabuoan** | 100% |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Ang paksa ay manggagaling sa hurado/tagapag-organisa at ibibigay sa takdang oras;
b) Ang bawat kalahok ay bibigyan lamang ng tatlong (3) minutong paghahanda at tatlong (3) minutong pagtatalumpati;
c) Itataas ang banderang berde bilang hudyat ng pagsisimula, banderang dilaw bilang hudyat sa nalalabing 30 segundo, at banderang pula bilang hudyat na tapos na ang pagtatalumpati; at
d) Ang kasuotan ay **pantalong maong, puting t-shirt na walang anumang marka, at blazer o coat .**

**II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Pagtatanghal**

a) Banderang berde, dilaw at pula;
b) Paksang gagamitin;
c) Orasan, numero ng kalahok;
d) d.1 Isang (1)silid na **holding area** para sa 17 katao; at
d.2 Isang (1)silid para sa paghahanda; at
d.2 Isang (1) silid Tanghalan.

## PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2022

(Batay sa 2022 Pambansang Tagisan ng Talento sa Filipino)

| | | |
|---|---|---|
| **BAITANG NG MAG-AARAL** | Ang kalahok ay mula sa Baitang 10. | |
| **KATEGORYA** | **INTERPRETATIBONG PAGBASA** *(Pagbibigay ng angkop na interpretasyon sa tekstong binabasa)* | |
| **BILANG NG KALAHOK** | Isa (1) | |
| **ORAS NA INILAAN** | Dalawampung minuto kasama ang paghahanda at pagtatanghal | |
| **Batayan ng Kapasyahan** | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **Interpretasyon** | 55% |
| | Pagpapalutang ng diwa (25%) | |
| | Kaangkupan ng damdamin (30%) | |
| | **Hikayat** | 15% |
| | Dating sa madla (5%) | |
| | Tindig (5%) | |
| | Kumpas/Kilos (5%) | |
| | **Bigkas** | 20% |
| | Tatas at Linaw (10%) | |
| | Pagbubukod ng mga salita (5%) | |
| | Wastong bigkas ng salita (5%) | |
| | **Tinig** | 10% |
| | Lakas (5%) | |
| | Taginting (5%) | |
| | **Kabuoan** | 100% |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a) Ang piyesa ay manggagaling sa hurado/tagapag-organisa at ibibigay sa takdang araw ng pagtatanghal;
b) Isang piyesa lamang ang bibigyang interpretasyon;
c) Bibigyan ng 10 minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesa at 10 minutong pagtatanghal;
d) Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa 10 minuto kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado;
e) Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi maririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin;
f) Walang anumang **props** o kagamitan, musika at instrumento na dadalhin at gagamitin ang mga kalahok;
g) Iikot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang adlib; at
h) Ang kasuotan ay **pantalong maong at puting t-shirt na walang marka**.

**II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Pagtatanghal**

a. Piyesang gagamitin;
b. Orasan, numero ng mga kalahok;
c. c.1 Dalawang (2) silid na **holding area** para sa 17 katao;
   c.2 Isang (1) silid para sa pagsasanay; at
   c.3 Isang (1) silid Tanghalan.

**Lupon ng Gawaing Teknikal**

| | |
|---|---|
| **Tagapamahala:** | Job S. Zape Jr., Punong Superbisor |
| **Katuwang na Tagapamahala:** | Dianne Catherine T. Antonio, Panrehiyong Tagamasid sa Filipino |
| **Miyembro:** | Elaine T. Balaogan, Panrehiyong Tagamasid sa MTB-MLE |

**Pandibisyong Tagamasid sa Filipino:**

| Pangalan | Tanggapan ng Sangay Pampaaralan |
|---|---|
| 1. Gilbert G. Joyosa | ANTIPOLO CITY |
| 2. Leonora M. Medina | BACOOR CITY |
| 3. Demetrio B. Bautista | BATANGAS CITY |
| 4. Loreta V. Ilao | BATANGAS PROVINCE |
| 5. Raquel L. Azur | BIÑAN CITY |
| 6. Jonathan F. Bernabe | CABUYAO CITY |
| 7. Lino T. Sanchez | CALAMBA CITY |
| 8. Pilita A. Villanueva | CAVITE CITY |
| 9. Maribeth C. Rieta | CAVITE PROVINCE |
| 10. Fragilyn B. Rafael | DASMARIÑAS CITY |
| 11. Arnaldo O. Estareja | GENERAL TRIAS CITY |
| 12. Ricardo R. David III | IMUS CITY |
| 13. Zarina G. Llarena | LAGUNA PROVINCE |
| 14. Fernando B. Enriquez | LIPA CITY |
| 15. Modesta R. Jaurigue | LUCENA CITY |
| 16. Joseph E. Jarasa | QUEZON PROVINCE |
| 17. Mellodine A. Antonio | RIZAL PROVINCE |
| 18. Marlyn A. Cabrera | SAN PABLO CITY |
| 19. Sheryll Ann Dadal | SAN PEDRO CITY |
| 20. Robina B. Delos Reyes | SANTA ROSA CITY |
| 21. Ma. Teresa M. Urayan | TANAUAN CITY |
| 22. Christian J. Bables | TAYABAS CITY |

Inihanda ni:

**DIANNE CATHERINE TEVES-ANTONIO**
Panrehiyong Tagamasid sa Filipino

Binigyang-pansin:

**JOB S. ZAPE, JR.**
Punong Superbisor, CLMD

## Mga Termino ng Sanggunian

**Panrehiyong Tagamasid sa Filipino:**

- bumuo ng craft the panukala, memorandum, at RBA.
- makipag-ugnayan sa mga pandibisyong tagamasid sa Filipino.
- magsagawa ng uganyang-pulong kaugnay sa pagpaplano ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika.
- pangunahan ang panrehiyong palatuntunan ng Buwan ng Wika
- likumin ang mga naratibong ulat sa pagsasagawa ng programa sa bawat sangay.
- pangasiwaan ang pagsasagawa ng pagdiriwang

**Pandibisyong Tagamasid sa Filipino:**

- katuwang sa panrehiyong palatanuntunan ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika.
- pangasiwaan ang pandibisyong paligsahan at programa para sa Buwan ng Wikang Pambansa
- hikayatin ang mga ulong-guro, dalubguro, guro at mag-aaral na makibahagi sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.
- likumin ang mga nagwaging mag-aaral sa paligsahang isinagawa.
- bumuo ng naratibong ulat kaugnay sa isinagawang programa.